



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 AGOSTO 1996, 9:00 NG UMAGA SA
BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Taleis
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dinapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr

KAPASYAHAN BLG. 083
Taong 1996

KAPASYAHANANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGO. CARMENCITA
REODICA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG KALUSUGAN UPANG
PAKALOOBAN NG MGA MEDICAL KIT AT MGA GAMOT NA PAM-
PANGUNAHING LUNAS ANG MGA BARANGAY HEALTH WORKERS
NG DALAWAMPUNG BARANGAY NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAKKA'T ang programang pangkalusugan ay isa sa pinakamahalagang pro-
grama ng ating pamahalaan kung saan ang mga serbisyo ay sindi-
sikap na maipaabot hanggang sa mga liblib na barangay;

SAPAKKA'T ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay may mga boluntaryong
manggagawa sa mga barangay para sa mga gawaing pangkalusugan
sa katauhan ng mga Barangay Health Workers (BHWs) na siyang
mga galamay ng Rural Health Unit sa pagbibigay-kaalaman sa
mga mamamayan ng mga lapormasyong pangkalusugan at mga pangu-
nahing panlunas sa mga karaniwang sakit at karamdaman;

SAPAKKA'T bagama't isa sa mga prayoridad ng pamahalaang lokal ang mga
gawaing pangkalusugan, ang kabang-yaman ng bayang ito ay salat
sa pondo upang makapaglaan ng malaking halaga para sa mga
pangangailangan upang maipatupad nang masyos at maiparating
sa higit na nakararaming mga mamamayan ang serbisyong ukol sa
kalusugan, tulad nga ng mga medical kits at mga gamot na
kakailanganin ng mga Barangay Health Workers;

SAPAKKA'T napagkasunduan ng kapulungang ito na ang pangangailangan sa
mga medical kits at mga gamot na pampangunahing-lunas gayun-
din sa mga karaniwang sakit at karamdaman ay maipaabot sa
Kagawaran ng Kalusugan upang hilingin na ang mga ito ay mai-
pagkaloob sa bayang ito upang maging pang-araw-araw na gamit
ng mga Barangay Health Workers sa kanilang pagbibigay-serbisyo
sa mga mamamayan; at

SAPAGKA'T mapitagang hinihiling ng Sangguniang Bayan ito na lahat ng isanda't limampung (150) Barangay Health Workers ng Roxas, Silangang Mindoro ay mapagkalooban ng medical kits at mga gamot na kinakailangan lalo na sa malalayong barangay.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talons na sinang-ayunan ng lahat -


IPINANYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kagawaran ng Kalusugan na pagkalooban ng medical kits at mga gamot na pangangamahing-lumas ang bawat isa sa 150 Barangay Health Workers ng Roxas, Silangang Mindoro upang sa tulong ng mga ito ay lalong maging epektibo ang kanilang paglilingkod sa nakararaming mga mamamayan lalo na sa mga liblib na barangay.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapaayuhang ito sa Kgg. Kalihim Carmencita N. Reodica ng Kagawaran ng Kalusugan, San Lazaro Compound, Sta. Cruz, Maynila para sa kanilang ratatangi at naayong pag-akroyon sa kahilingang ito sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RI RIN na padalhan ng sipi ang Municipal Health Officer, Roxas, Silangang Mindoro, Sangguniang Panlalawigan at Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Lalawigan, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 19 Agosto 1996


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:


GELACIO I. ZASON
Municipal Mayor

mezz/